

# Estratehikong Plano para sa Kumpletong Pagbibilang ng Senso 2020

Impormasyon	
<b>County</b>	San Diego
<b>Kasunduan #</b>	CCC-18-20001
<b>Taong kokontakin</b>	Darlanne Hoctor Mulmat
<b>Telepono</b>	(619) 699-7326
<b>Email</b>	<a href="mailto:darlanne.mulmat@sandag.org">darlanne.mulmat@sandag.org</a>
<b>Petsa ng Pagsusumite sa Estado</b>	Hulyo 26, 2019

## Mga Nilalaman

1.1 Planong Outreach .....	2
1.2 Pamamaraan .....	3
Talahanayan 1: Mga Sanggunian para sa Mga Potensyal na Aktibidad na Outreach .....	7
1.3 Pagkoordinang Pagtutulungan.....	8
Pigura 1: Tsart ng Organisasyon ng Gumaganang Komite ng Mga Stakeholder ng Kumpletong Pagbibilang ng Senso 2020 .....	8
Pigura 2: Istruktura ng Subkomite ng CCC .....	9
1.4 Mga Sanggunian at Imprastruktura .....	10
1.5 Lokasyon ng Mga Mahirap Bilangang Populasyon .....	10
Pigura 3: SANDAG SwORD .....	12
1.6 Plano sa Akses sa Wika .....	13
Talahanayan 2: Populasyon ng May Limitadong Katatasan sa Ingles sa Rehiyon ng San Diego .....	14
1.7 Lokal na Komite sa Kumpletong Pagbibilang (Complete Count Committee o CCC).....	14
1.8 Pagpapaunlad ng Puwersa ng Paggawa .....	15
1.9 Badyet.....	15
Talahanayan 3: Badyet .....	16
Talahanayan 4: Iskedyul ng Mga Deliverable.....	17
1.11 Mga Resulta ng Pagsusukat.....	19
Apendiks A.....	20
Apendiks B:.....	22



## 1.1 Planong Outreach

Sa loob ng mahigit 200 taon, sinikap ng Kawanihan ng Senso ng U.S. na bilangin ang bawat residente sa bansa upang matukoy ang bilang ng mga upuan na magkakaroon ang bawat estado sa Kapulungan ng Mga Kinatawan ng U.S. at ipamahagi ang pederal na pagpopondo sa mga lokal na komunidad (hal., mga programang Head Start, pampublikong transportasyon, pagpapahusay at pagtatayo ng kalsada). Bilang pagsuporta sa pagsisikap na ito, ang Lehislatura ng California ay naglaan ng \$26.5 bilyon para sa mga county ng California upang makapaglunsad ng outreach para sa Senso 2020 nang sa gayon ay matiyak na mabibilang ang bawat residente nang isang beses, isang beses lamang, at sa tamang lugar.

Nagsisilbi nilang itinalaga ng Estado na Panrehiyong Sentro ng Datos ng Senso para sa San Diego mula noong huling bahagi ng 1970s, ang San Diego Association of Governments (SANDAG) ay aktibong sumusuporta sa Kawanihan ng Senso at mga miyembrong ahensya sa paghahanda para sa Senso 2020. Sa layuning magkamit ng kumpletong bilang ng lahat ng residente sa rehiyon ng San Diego, magkokoordina ang SANDAG ng mga lokal na pagsisikap sa outreach sa buong rehiyon ng San Diego at mangangasiwa ng \$1,565,350 na pondong grant mula sa estado upang suportahan ang pamamaraang pangmasa sa pag-abot ng mga komunidad na pinakamaliit ang tsansang sumagot nang sila lang sa Senso 2020

(hal., kumpletuhin ang Senso sa sandaling makatanggap ng paunang imbitasyon). Sa kasaysayan, ang mga "komunidad na mahirap bilangin" na ito ay pangunahing kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

- Mga taong walang akses sa broadband internet
- Mga batang wala pang 5 taong gulang
- Mga indibidwal na limitado ang katatasan sa wikang Ingles

Mayroong apat na pangunahing organisasyong aktibong nagtatrabaho sa rehiyon ng San Diego upang suportahan at hikayatin ang kumpletong pagbilang sa bawat residente:

1. Isinasagawa ng Kawanihan ng Senso ng U.S. ang pagbibilang sa pamamagitan ng pangangasiwa sa sarbey, pagpunta sa bawat tahanan upang mag-follow-up sa mga hindi kusang tumutugon, at paglulunsad ng kampanyang midya upang isapubliko ang proseso ng Senso na humihiling sa mga residenteng elektronikong isumite ang kanilang mga tugon, matapos makatanggap ng postcard sa koreo na tumutukoy ng isang link, at isang user ID.
2. Ang Tanggapan ng Kumpletong Pagbibilang ng California ay nagbibigay ng pondo tulad ng inilaan ng lehislatura ng Estado para sa outreach. Inilalaan ang pagpopondo sa mga lokal na gobyerno sa pamamagitan ng SANDAG at sa mga organisasyong nakabase sa komunidad sa pamamagitan ng United Way, tulad ng ipinaliliwanag sa ibaba.
3. Ang SANDAG ay nagsisilbi bilang piskal na ahente para sa pagpopondo mula sa Estado at nagkokoordina ng outreach ng mga lokal na gobyerno.
4. Ang United Way (ang Administrative Community-Based Organization, o ACBO) ay nangangasiwa ng pagpopondo para sa mga outreach na pangmasa sa pamamagitan ng pagtitipon ng Count Me 2020, isang koalisyong binubuo ng mahigit 100 organisasyong nakabase sa komunidad at mga grupong sibiko (tingnan ang Apendiks A para sa listahan ng mga katuwang noong Hulyo 16, 2019).

Ang estratehikong plano na ito ay pinaunlad upang gabayan ang mga pagsisikap ng lokal na gobyerno sa pag-abot ng mga tao sa rehiyon ng San Diego na pinakamaliit ang tsansang tumugon sa Senso 2020. Binabalangkas ng dokumentong ito ang mga partikular na estratehiya, taktika, at timeline - at inilalarawan ang (mga) partikular na pagtutuwangan at kung paanong mamaksimisa ang mga mapagkukunan ng pondo - para maabot ang pinakamataas na antas ng kusang pagtugon sa palatanungan ng Senso 2020. Ito ay kinasasangkutan ng malapitang koordinasyon sa koalisyong Count Me 2020. Habang nakatuon ang planong ito sa mga pagsisikap na pinangungunahan ng SANDAG sa mga lokal na hurisdiksyon, tinitingnan ang relasyon ng pagtutulungan sa pagitan ng ACBO at SANDAG bilang iisang pagsisikap. Bilang dagdag, nagpapatuloy ang malapitang koordinasyon sa Tanggapin ng Kumpletong Pagbibilang ng California at Kawanihan ng Senso ng U.S. Magbibigay ng mas maraming detalye sa pamamagitan ng Plano sa Pagpapatupad, na kukumpletuhin pagsapit ng katapusan ng Setyembre.

Kasama sa plano ang isang kampanyang komunikasyon sa "himpapawid" at "sa lupa" na nagsasangkot ng mga pinagkakatiwalaang mensahero<sup>1</sup>, na magsisimula sa isang malawakang estratehiya para maabot ang lahat ng residente, na susundan ng pagbibigay ng diin sa mga populasyong mahirap bilangin.

Ang proseso ay gagabayan ng Gumaganang Komite ng Mga Stakeholder ng Kumpletong Pagbibilang ng Senso (CCC) ng SANDAG 2020, na magbibigay ng mataas na antas ng pangangasiwa sa outreach upang tiyakin na maiiwasan ang pagdodoble, at matutugunan ang anumang puwang. Bilang dagdag, hihikayatin ng mga miyembro ang paglahok sa Senso 2020, na magsisilbi bilang mga ambassador.

---

<sup>1</sup> Ang mga pinagkakatiwalaang mensahero ay nakikipagtulungan sa at nauunawaan kung paanong matagumpay na maisasangkot ang mga miyembro ng komunidad. Ang mga pinagkakatiwalaang mensahero ay madalas na mga kinatawan mula sa mga organisasyong nakabase sa komunidad.

Sa pamamagitan ng mga regular na pulong, magbibigay sila ng pananaw sa mga plano sa estratehiya at implementasyon, magrekomenda ng pag-apruba para sa paglalaan ng pondo, tatanggap ng mga balita at update, at susubaybayan ang progreso ng outreach. Ang gumaganang komite na ito ay susuportahan ng mga subkomite para maisakatuparan ang gawain. Ang lahat ng gawain ay kukumpletuhin nang may malapitang pakikipagtulungan sa ACBO. Tingnan ang Figura 1 at 2 para sa mga tsart ng organisasyon.

**Layunin:** Habang 78 porsyento ang antas ng pagtugon sa Senso noong 2000, bumagsak ito sa 72 porsyento noong 2010. Ang layunin ng programang outreach na ito ay upang labanan ang pababang kalakaran na ito, lampasan ang antas ng 2010, at abutin ang antas noong 2000 o higit pa ito.

## 1.2 Pamamaraan

Ang kasangkapan sa pagmamapa ng Statewide Outreach and Rapid Deployment (SwORD) na binuo ng Tanggapan ng Kumpletong Pagbibilang ng California ay ginamit upang matukoy ang mga lugar at populasyon na pinakamaliit ang tsansa na tumugon sa Senso 2020. Kasama ng kasangkapan na ito ang indeks ng mahirap bilangin (hard to count o HTC) na hinulma batay sa iskor ng mahirap bilangin ng Kawanihan ng Senso ng U.S. sa mga nakaraang senso at kinabibilangan ito ng 14 na salik na demograpiko, pabahay at sosyoekonomiko na may kaugnayan sa isang bahagi na mahirap bilangin (hal., bilang). Tumutulong ang indeks na ito na matukoy ang mga lugar na may mataas na konsentrasyon ng mga taong pinakamaliit ang tsansang tumugon sa Senso. Ang isang indeks ng HTC na 37 ay nagsilbi bilang minimum na threshold para sa mga saklaw o blokeng grupo ng Senso na nangangailangan ng outreach. Pinili ang antas na ito dahil ito ang average sa buong estado.

Ang 18 lungsod ng rehiyon, kasama ang County ng San Diego, (kung saan lahat ay mga miyembrong ahensya ng SANDAG) ay lumahok sa paglikha ng estratehikong plano na ito at naimbitahan para tumulong sa pagpapatupad ng outreach. Sinuportahan din ng ACBO ang pagpapaunlad ng estratehikong plano upang tiyakin ang pagkakanayan sa mga pagsisikat ng Koalisyonang Count Me 2020.

Ilulunsad ang outreach sa tatlong yugto, na katugma ng mga rekomendasyon ng Tanggapan ng Kumpletong Pagbibilang ng California at Kawanihan ng Senso ng U.S.: Mag-eduka, Maghikayat, at Mag-activate. Ang mga partikular na detalye kaugnay ng mga aktibidad sa bawat yugto ay ikokoordina sa pamamagitan ng Gumaganang Komite ng Mga Stakeholder ng CCC at subkomite ng SANDAG 2020. Ipinakikita ng mga listahan sa ibaba ang ilan sa mga posibleng aktibidad na maaaring piliin ng Gumaganang Komite na ilunsad. Maaaring kumpletuhin ang kalakhan ng estratehiya sa pamamagitan ng mga umiiral na mapagkukunan ng tulong sa loob ng mga lokal na gobyerno. Ang mga aktibidad na nagsasangkot ng pagpopondo ng Estado ay naka-italics at nakabuod sa Talahanayan 1. Makakakita ng karagdagang impormasyon kaugnay ng estratehiya sa midya sa Apendiks B.

**Mag-eduka (Oktubre – Disyembre 2019):** Ang yugto ng edukasyong pampubliko ay magtataas ng kamalayan na nagaganap ang Senso 2020 at ipapahayag ang kahalagahan ng paglahok. Kabilang ang mga sumusunod sa mga aktibidad na maaaring maganap sa panahon ng yugtong ito.

### • **Magtaguyod ng Mga Bukas na Trabaho sa Senso**

- Isapubliko ang mga makukuhang trabaho sa Senso upang tumulong sa pagbibilang ng Senso 2020 (hal., mga tagakuha o tagabilang ng senso).
- Magtaguyod ng mga bukas na trabaho sa Senso sa pamamagitan ng mga lokal na ahensya ng pagpapaunlad ng pwersa ng paggawa at mga kolehiyong pangkomunidad. Hihilingin sa mga grupong ito na tukuyin ang mga posibleng kandidato at magbigay ng tulong sa aplikasyon.

### • **Palakasin ang Pagmemensahe tungkol sa Senso**

- Paalalahanan ang mga nasasakupan kung bakit mahalaga ang paglahok sa Senso 2020 sa mga presentasyon ng mga inihalal na opisyal, gayundin sa mga newsletter at iba pang komunikasyon.
- Isama ang mga mensahe tungkol sa Senso sa mga pagdiriwang, pista, at kaganapan ng komunidad (hal., mga parada, mga fair, pista, at iba pang pagtitipon).
- Magpakalat ng impormasyon sa Senso sa pamamagitan ng mga sentrong pangkomunidad (hal., Mga Boys ang Girls Club, YMCA, mga simbahan, atbp.), mga tatanggap ng grant sa bloke ng komunidad, mga pagtutulungan sa komunidad, mga ahensya ng serbisyong panlipunan, atbp.
- Magbahagi ng mga mensahe tungkol sa Senso sa mga tsanel ng San Diego County Office of Education (SDCOE), tulad ng mga newsletter, social media, at website ng SDCOE.
- Mga nakatuong pagsisikap ng mga aklatan sa mga populasyong mahirap bilangin upang hikayatin ang paglahok sa Senso bilang bahagi ng kanilang regular na operasyon.
- Tapat ang County ng San Diego sa pagtataguyod ng tumpak na bilang ng Senso at isinasaalang-alang nito ang mga sumusunod na estratehiya ng outreach, lalo na sa mga komunidad na mahihirapan bilangin ng mga hindi naisamang bahagi ng rehiyon.

- Nakatuon na pagmemensahe sa mga umiiral na media channel na kontrolado ng County tulad ng mga publikasyon, newsletter, social media o iba pang pakikipag-ugnayan sa customer.
  - Hikayatin ang ma umiiral na katuwang ng *Live Well San Diego* na makisangkot sa pagsisikap sa Senso.
  - Maglagay ng mga karatula sa mga tanggapan ng County, mga sentrong pangkomunidad, mga sentrong mapagkukunan ng tulong mga pamilya, at mga kanlungan ng hayop. *Kabilang sa badyet na ito ang mga pondo para suportahan ang paggawa ng mga karatula.*
  - Magbigay ng impormasyon tungkol sa Senso sa mga kawani ng County na nakikihalubilo sa mga populasyong HTC sa mga regular nilang tungkulin.
- Makipagtulungan sa Komisyon ng Pabahay ng San Diego at iba pang pinagkakatiwalaang organisasyon upang maglakip ng karatula tungkol sa Senso at pagmemensahe sa mga regular na tsanel ng komunikasyon. *Kabilang sa badyet na ito ang mga pondo para suportahan ang paggawa ng mga karatula.*
  - Humingi ng suporta mula sa mga developer, sa Pederasyon ng Pabahay (Housing Federation), at mga may-ari ng ari-arian na magsahimpapawid ng mga mensahe tungkol sa Senso.
  - Abutin ang mga parke ng mobile na tahanan sa pamamagitan ng mga sulat na regular na ipinadadala sa mga residente (hal., kapag takda nang bayaran ang mga bayarin sa pangangasiwa).
- **Turuan ang Mga Mag-aaral Tungkol sa Senso**
    - Makipagtulungan sa mga pre-school, K-12, at kolehiyo para maisama ang mga kurikulum sa "Mga Estatistika sa Paaralan" at magpadala ng mga mensahe sa tahanan.
    - Ibahagi ang mga sanggunian ng Communication Outreach Toolkit na nakabase sa Mga Paaralan ng California sa iba't ibang wika sa pamamagitan ng 42 lokal na distrito ng paaralan at ng SDCOE.
    - Magbigay ng pagsasanay sa San Diego County para sa mga guro ng kasaysayan at pag-aaral sa lipunan sa pamamagitan ng SDCOE sa Count Me In ng Senso 2020: Taking Informed Action Today" at "Count Me In ng Senso 2020: A Historical Perspective" na kurikulum para sa grade 5, 8, 11, at 12.
    - Magtaguyod ng paligsahan sa window poster sa mga paaralan; hilingin sa mga lokal na negosyo na i-display ang mga poster. Isama ang mga aktibidad na ito sa mga programang pagkatapos ng paaralan at programa ng parke at libangan.
  - **Edukahin ang kawani**
    - Magbigay ng pagsasanay kung paanong hihikayatin ang paglahok sa Senso 2020, na nakahanay sa pagsasanay na ibinibigay sa pamamagitan ng ACBO upang matiyak ang pagkakatumaga.
    - Magtaguyod ng mga pagsasanay ng ACBO para maabot ang pinakamaraming organisasyong posible.
  - **Magbuo ng programa ng ambassador**
    - Maghanap ng mga volunteer sa komunidad na seryoso sa pagkakaroon ng tumpak na bilang ng Senso 2020, aktibo sa kanilang mga organisasyong pangkomunidad at lokal na organisasyon, at sabik na magpalahok sa iba sa pamamagitan ng impormasyon tungkol sa Senso, na kahalintulad ng [programa sa Virginia](#)<sup>2</sup>.
    - Kabilang sa badyet ang mga pondo upang suportahan ang pagkoordinang ito na magpapatuloy sa pamamagitan ng yugto ng paghikayat at pag-activate.

---

<sup>2</sup> [commonwealth.virginia.gov/advisory-boards/virginia-complete-count-commission/ways-to-engage/](https://commonwealth.virginia.gov/advisory-boards/virginia-complete-count-commission/ways-to-engage/)

**Maghikayat (Enero - Pebrero 2020):** Sa maagang bahagi ng 2020, tutuon ang outreach sa paghihikayat ng paglahok sa Senso sa kabuuan at partikular sa mga komunidad ng HTC at maaaring kabilangan ng sumusunod. Ang mga aktibidad na ito ay malapit na ikokoordina sa ACBO upang tiyakin ang magkakatuwang na pagmemensahe at iwasan ang pagdodoble.

- Patuloy na pagpapalakas ng mensahe at pagtuturo sa mga mag-aaral tungkol sa Senso, tulad ng inilalarawan sa yugto ng edukasyon.
- Magsama ng mga alerto at paalala sa mga paunawa ng pampublikong ahensya, mga mailer, insert, mga bill ng yutilidad at iba pang bayarin, karatula, newsletter, at mga pahina ng website (kabilang ang link sa website ng Count Me 2020 at home page ng Senso 2020), social media<sup>3</sup>, atbp. Ang estratehiyang ito ay naglalayong abutin ang lahat ng residente, kabilang ang mga populasyong HTC.
- Mga nakatuong pagsisikap ng mga aklatan sa mga populasyong HTC upang hikayatin ang paglahok sa Senso 2020 bilang bahagi ng kanilang regular na operasyon.
- Gumamit ng mga metro ng postage upang tatakan ang mga mensahe tungkol sa Senso sa mga papalabas na koreo ng ahensyang pampubliko.
- Maglunsad ng mga espesyal na kaganapan at mga town hall na nakatuon sa Senso 2020. *Kabilang sa badyet na ito ang mga pondo upang suportahan ang mga kaganapang ito na eksklusibong ilulunsad para sa outreach ng Senso, kabilang ang mga insentibo upang mapataas ang pagdalo (hal., mga inumin, mga promosyonal na materyal, mga aktibidad para sa mga bata, mga item upang lumikha ng masaya at nakakahikayat na kapaligiran, atbp.).*
- Maglunsad ng mga kaganapan sa mga abot-kayang ari-ariang pabahay. *Kabilang sa badyet na ito ang mga pondo para suportahan ang mga kaganapang ito.*

**Mag-activate (Marso – Abril 2020):** Dahil ang mga postcard ng Senso ay nakatakdang dumating mula sa Kawanihan ng Senso ng U.S. sa

Marso 2020<sup>4</sup>, magtutuon ang yugto ng activation sa kusang pagtugon. Katulad ng yugto ng paghikayat, ang mga aktibidad na ito ay mahigpit na ikokoordina sa ACBO at maaaring kabilangan ng sumusunod.

- Maglunsad ng mga seremonyal na kick-off at media event upang isapubliko ang paghahatid ng mga materyales ng Senso. *Kasama sa badyet ang mga pondo para suportahan ang mga kaganapang kick-off na ito (kabilang ang mga insentibo upang pataasin ang pagdalo), na ilulunsad sa pakikipagtulungan sa Koalisyong Count Me 2020.*
- Magkaroon ng "Marathon ng Senso" sa mga pampublikong access station o sa pamamagitan ng mga social media channel (hal., live na Twitter chat sa mga webpage ng Count Me 2020) kung saan pwedeng tumawag o magkomento ang mga tao ng mga tanong tungkol sa Senso at humingi ng tulong sa pagsagot sa kanilang form. *Kasama sa badyet ang mga pondo para suportahan ang mga kaganapang ito (kabilang ang mga insentibo upang pataasin ang pagdalo), na ilulunsad sa pakikipagtulungan sa Koalisyong Count Me 2020.*
- Ikonekta ang mga grupong pangkabataan sa mga matatanda upang kumpletuhin ang Senso.
- Patuloy na palakasin ang mensahe tulad ng inilalarawan sa yugto ng edukasyon.
- Gamitin ang mga umiiral na access point ng pampublikong internet bilang mga kiosk sa pagtulong sa palatanungan sa mga lugar tulad ng mga aklatan, sentrong pangkomunidad ng mga abot-kayang pabahay, mga paaralan, mga sentrong pangkomunidad ng libangan/parke, mga sentro ng matatanda, o iba pang community hub. Awtomatikong i-launch ang mga device na ito sa webpage ng Senso para sa pagkumpleto ng sarbey. Magbibigay ang Kawanihan ng Senso ng U.S. ng pagsasanay sa mga kawani sa mga lokasyong ito upang magbigay ng tulong sa pagsagot sa Senso.
- Palawakin ang pagiging available ng akses sa internet (hal., sa mga aklatan, mga sentrong pangkomunidad ng abot-kayang pabahay, mga paaralan, mga sentrong pangkomunidad ng libangan/parke, mga sentro ng matatanda, o iba pang community hub) sa pamamagitan ng pagpapaupa ng karagdagang device na nakalaan sa pagkumpleto ng Senso sa mga partikular na lokasyong HTC. *Kabilang sa badyet na ito ang mga pondo para suportahan ang pagpapaupa ng kagamitan.*
- Magtatag at maglagay ng tauhan sa mga sentro/kiosk ng tulong (kabilang ang mobile) sa mga lugar kung saan walang magagamit na access point ng pampublikong internet, at wala pang umiiral na personal na access sa broadband internet (hal., mga aklatan, mga sentrong mapagkukunan ng tulong na magagamit sa mga paaralan, simbahan, sentro ng matatanda, atbp.). *Kabilang sa badyet na ito ang mga pondo para suportahan ang pagpapaupa ng kagamitan.*
- Maglunsad ng mga kaganapang "Sagutan ang Senso" sa mga sentro/kiosk ng tulong sa palatanungan, sa mga paaralan gamit ang mga computer bank, at gamit ang mga computer work room sa mga yunit ng abot-kayang pabahay, sentro ng matatanda, sentro ng LGBTQ, atbp. *Kasama sa badyet ang mga pondo para suportahan ang mga aktibidad ito (kabilang ang mga insentibo upang pataasin ang paglahok), na ilulunsad sa pakikipagtulungan sa Koalisyong Count Me 2020.*

<sup>3</sup> Kabilang sa social media ang Twitter, Instagram, Facebook, LinkedIn, at NextDoor.

<sup>4</sup> Isaalang-alang ang panahon ng pangunahing halalan (Marso 3) kapag iniiskedyul ang mga kaganapan at iba pang outreach.

- Isapubliko ang toll-free na Linya ng Tulong sa Senso ng Kawanihan ng Senso para sa tulong sa palatanungan.
- Makipag-ugnayan sa Count Me 2020 upang magtatag ng sistema ng help desk upang sagutin ang mga tanong na may kaugnayan sa Senso, makatulong sa pagkumpleto ng Senso, at pakitunguhan ang maling impormasyon. Ang isang opsyon na isinasaalang-alang ay ang pagbubuo ng Memorandum ng Pagkakaunawaan sa pagitan ng United Way at 211 San Diego. Ang Ispesyalista ng Pagtutuwangan mula sa Kawanihan ng Senso ng U.S. ang magbibigay ng pagsasanay sa mga kawani ng 211. Ang isa pang ideya ay maksimisahin ang pakikipagkontrata ng buong estado sa CommunityConnect Labs para sa mga kagamitang tulad ng Help Desk, Tagaulat ng Maling Impormasyon, at Tagahikayat ng Komunidad.
- Suportahan ang pagbabangko sa telepono at mga pagsisikap na abutin ang bawat tahanan ng mga CBO sa pamamagitan ng programang "Mag-adopt ng Block" (katulad ng programa sa Los Angeles County). *Kabilang sa badyet na ito ang mga pondo para suportahan ang mga pagsisikap na ito.*
- Magbuo ng Pagtutulongan ng Pribado at Publiko upang magbigay ng mga mobile WiFi hotspot para sa pag-abot sa mga kaganapang pangkomunidad o mga pagsisikap na abutin ang bawat tahanan, upang paunlarin ang paglahok sa Senso sa labas ng mga umiiral na pampublikong access point sa internet.
- Hikayatin ang mga lokal na inihalal na opisyal, mga tagaimpluwensya, at iba pang prominenteng miyembro ng komunidad na magbahagi ng impormasyon tungkol sa Senso sa pamamagitan ng social media, pagtataguyod ng paglahok.
- Maglunsad ng labis na nakatuong kampanya sa pagpapatalastas upang maabot ang mga tao sa mga lugar na HTC sa pamamagitan ng mga pagpapatalastas sa labas at digital na pagpapatalastas, at sa pamamagitan ng pagpapatalastas sa mga nakalimbag na publikasyon kung saan kabilang sa mga tagapagbasa ang mahihirap na bilangang populasyon.
- Maglunsad ng natamong pagsaklaw ng midya (hal., paghiling na saklawin ng midya labas sa tradisyonal na pagbili ng pagpapatalastas sa pamamagitan ng mga kaganapan ng midya, mga press release, atbp.) upang magbahagi ng mga detalye tungkol sa kung paanong makakalahok sa Senso.
- Aralin ang pagpapalabas ng mga video tungkol sa Senso sa iTV, sa channel ng telebisyon na pinatatakbo ng SDCOE.

**Pag-follow-up sa Kawalan ng Tugon (Mayo – Hulyo 2020):** Ang Yugto ng Pag-activate ay magtatapos sa pag-follow-up sa kawalan ng tugon, na maaaring kabilangan ng sumusunod.

- Ipaalam sa tagapagpatupad ng batas, pagtugon sa emerhensiya at mga serbisyong pag-dispatch, kabilang ang 211 San Diego, ang tungkol sa mga tagabilang (hal., mga tagakuha ng senso) na nagbabahay-bahay upang mag-follow-up sa mga hindi tumugon, nang sa gayon ay maging handa silang tumanggap ng mga tawag mula sa komunidad na maaaring lumitaw sa panahong ito.
- Maglunsad ng mga press conference kasama ng mga impluwensyal na pinuno upang alertuhin ang komunidad na ang mga tagabilang ng Kawanihan ng Senso, o ang mga tagakuha ng Senso, ay bibisita sa mga tahanan ng mga taong hindi tumugon. Ibibilang ang mga susing stakeholder ng komunidad upang magbigay ng naaangkop sa wikang mensahe para sa mga komunidad na HTC.
- Ipakita kung paanong matutukoy ang mga tagabilang, o tagakuha ng Senso, at hikayatin ang paglahok sa pamamagitan ng mga paunawa ng ahensya at kagawaran, mga mailer, insert, bayarin sa yutilidad at iba pang bayarin, karatula, newsletter, website, at social media.
- Tulungan ang mga kawani ng Kawanihan ng Senso sa pagtutukoy ng mga kinatawan ng umuupa at may-ari ng tahanan na maaaring makapagbigay ng akses sa mga eksklusibo at mataas ang seguridad na lugar.
- Sa mga lugar kung saan nananatiling mababa ang antas ng pagtugon matapos ang panahon ng paunang pagbibilang:
  - Makipagtulungan sa Koalisyonang Count Me 2020 upang maglunsad ng mga kaganapan. *Kasama sa badyet ang mga pondo para suportahan ang mga kaganapang ito (kabilang ang mga insentibo upang pataasin ang pagdalo), na ililunsad sa pakikipagtulungan sa Koalisyonang Count Me 2020.*
  - Muling magpadala ng mga dati nang nakuhang sanggunian ng mga sentro/kiosk ng tulong sa palatanungan sa mga lugar na may mababang antas ng pagtugon kung wala pa nito sa lugar.

**Talahanayan 1: Mga Sanggunian para sa Mga Potensyal na Aktibidad na Outreach**

<b>Aktibidad</b>	<b>Mga Umiiral na Mapagkukuna n ng Badyet</b>	<b>Pagpopondo ng Estado</b>
<b>Mag-eduka</b>		
Magtaguyod ng Mga Bukas na Trabaho sa Senso	X	
Palakasin ang Pagmemensahe tungkol sa Senso	X	
Paglikha ng mga karatula		X
Turuan ang Mga Mag-aaral Tungkol sa Senso	X	
Edukahin ang Kawani	X	
Programa ng Ambassador		X
<b>Maghikayat</b>		
Palakasin ang Pagmemensahe tungkol sa Senso	X	
Mga Alerto/Paalala	X	
Nakatuon na Outreach ng Mga Aklatan	X	
Mensahe tungkol sa senso na nakatatak sa papalabas na koreo	X	
Mga Espesyal na Kaganapan at Outreach sa Press		X
<b>Mag-activate</b>		
Kaganapang Kick Off		X
Marathon ng Senso		X
Palakasin ang Pagmemensahe tungkol sa Senso sa pamamagitan ng Mga Umiiral na Tsanel ng Komunikasyon	X	
Mga Umiiral na Pamublikong Access Point sa Internet bilang Mga Kiosk	X	
Umupa ng Mga Karagdagang Device para sa Mga Aklatan		X
Pagtatag ng Mga Kiosk sa Mga Lugar na Walang Akses sa Internet		X
Mga Kaganapang Sagutin ang Senso		X
Tanggapan ng Tulong	X	
Pagbabangko sa Telepono/Pag-abot sa Bahay-bahay		X
Mga mobile WiFi hot spot sa pamamagitan ng mga Tuwangan ng Pribado at Publiko	X	
Pagtataguyod ng Paglahok na isasagawa ng Mga Tagaimpluwensya ng Komunidad	X	
Mga Nakatuong Kampanya ng Pagpapatalastas		X
Natamong Kampanyang Midya	X	
<b>Pag-follow-up sa Kawalan ng Tugon</b>		
Ipaalam sa Pagtugon sa Emerhensiya/Dispatch	X	
Mga Press Conference	X	
Hikayatin ang Paglahok	X	
Tukuyin ang Mga Kinatawan ng Umuupa/May-ari ng Tahanan	X	
Maglunsad ng Mga Kaganapan sa Mga Lugar na May Mabababang Antas ng Pagtugon		X
Ilipat ang Mga Kiosk sa Mga Lugar na May Mabababang Antas ng Pagtugon	X	



### 1.3 Pagkoordinang Pagtutulungan

Ang estratehiya ng outreach ay gagabayan ng [Gumaganang Komite ng Mga Stakeholder ng Kumpletong Pagbibilang-ng Senso 2020](#)<sup>5</sup> upang iwasan ang pagdodoble at tiyaking matutugunan ang anumang puwang. Ipinapakita sa Figura 1 ang iminumungkahing istruktura. Titipunin ng SANDAG ang isang grupo na may kinatawan mula sa mga hurisdiksyon, mga naihalal na opisyal, komunidad ng mga negosyante, edukador, mga serbisyong pangkalusugan at pantao, at ng midya. Magtitipon ang ACBO ng isa pang grupo na tutuon sa mga ahensyang pangkomunidad na direktang nakikipagtulungan sa mga grupo na maaaring mahirap bilangin. Lalahok ang SANDAG at ACBO sa parehong grupo, gayundin ang Mga Ispesyalista sa Pagtutuwangan ng Kawanihan ng Senso at Tagapamahala ng Panrehiyong Programa ng Tanggapan ng Kumpletong Pagbibilang ng Senso. Ipinahihiwatig ng pulang arrow sa ibabaw ng Figura 1 ang mahigpit na pagtutulungan sa pagitan ng pagsisikap na pinangungunahan ng SANDAR at ng pagsisikap ng ACBO.


**Figura 1: Tsart ng Organisasyon ng Gumaganang Komite ng Mga Stakeholder ng Kumpletong Pagbibilang ng Senso 2020**



<sup>5</sup> [sandag.org/2020censuswg](http://sandag.org/2020censuswg)

Tutulong ang mga subkomite sa pagtitiyak na kinakatawan ang lahat ng stakeholder, at maisasama ang lahat ng pananaw. Nakalista sa Figura 2 ang mga potensyal na subkomite. Mangunguna ang SANDAG sa pamamagitan ng pagtitipon ng mga subkomiteng may kaugnayan sa outreach sa pamamagitan ng mga ahensya ng transportasyon ng rehiyon (hal., MTS at NCTD), ng umiiral na grupo ng SANDAG CBO, mga gobyerno ng Katutubong Amerikano at tribu, at mga komunidad na mahirap bilangin sa mga bahaging hindi naisama/kanayunan. Ang ACBO ay may mga aktibong gumaganang komite para: 1) suportahan ang pagsasakatuparan ng estratehikong plano, kabilang sa Imperial County, 2) makipagtulungan sa pilantropiya upang tukuyin ang mga karagdagang mapagkukunan ng pondo upang matulungan ang gawain, at 3) mag-imbestiga ng mga pagkakataon upang magsilbi bilang tanggapan ng pagtulong at hub ng impormasyon. Ang parehong organisasyon ay magkakaroon ng mga subkomite (kung saan marami ay maaaring mga pinagsamang gumaganang komite) na nakatuon sa estratehikong plano, pagpapatupad, midya at mga kaganapan, akses sa wika, pagre-recruit, mga sentro at kiosk ng tulong, pag-follow-up sa kawalan ng tugon, at mga volunteer.

**Figura 2: Istruktura ng Subkomite ng CCC**



## 1.4 Mga Sanggunian at Imprastruktura

Tulad ng iniaatas ng Estado, inilalarawan ng seksyong ito ang paggamit ng portal ng pagmamapa ng Statewide Outreach and Rapid Development (SwORD) at lokasyon ng mga sentro/kiosk ng tulong sa palatanungan.

Ang SANDAG ang magiging pangunahing itinalaga na mag-i-interface kasama ng SwORD. Makikipagtulungan ang SANDAG sa lahat ng katuwang upang magpanatili ng updated na impormasyon sa sistema, nang sa gayon ay naipapasok sa SwORD ang lahat ng pagsisikap na outreach sa paraang napapanahon. Upang masimulan ang prosesong ito, ang lahat ng kontrata sa pagpopondo ay mangangailangan ng pagpapasok ng data ng SwORD.

### Mga Sentro ng Tulong sa Palatanungan/Mga Kiosk ng Tulong sa Palatanungan

Sa pakikipagtulungan sa Koalisyong Count Me 2020 na pinangungunahan ng United Way at mga hurisdiksyon, itatatag at pamamahalaan ang Mga Sentro/Kiosk ng Tulong sa Palatanungan (Questionnaire Assistance Centers/Kiosks o QAC/QAK) sa buong rehiyon ng San Diego sa mga komunidad na HTC, na lalagyan ng mga sanay na kawani na kayang gumabay sa mga tao sa pagkumpleto ng sarbey sa hindi bababa sa 12 wika, nang may mga pagpipilian para sa iba, depende sa lawak ng paggamit ng wika sa isang ibinigay na lokasyon (tingnan ang Talahanayan 2). Ang mga lokasyong ito ay sa mga lugar kung saan naninirahan ang mga populasyong mahirap bilangin, nang may partikular na tuon sa mga lugar kung saan walang mga sentrong pinatatakbo ng Kawanihan ng Senso ng U.S. Isasapubliko ang mga lokasyon ng QAC/QAK online, sa mga nakalimbag na materyales, at sa pamamagitan ng kampanyang midya (hal., social media, mga press release, atbp.). Ang mga lokasyon at detalye kaugnay ng mga kaganapan ay itatala sa SwORD para sa mga layunin ng pagsubaybay.

Sa pamamagitan ng proseso ng estratehikong pagpapalano, nakatukoy ang mga lungsod at ang County ng 48 aklatan sa mga grupo ng bloke na may Indeks ng HTC na mas mataas sa 37 (Apendiks A). Ang lahat ng device na naaakses ng publiko (hal., mga computer o tablet) sa bawat isa

sa mga aklatang ito ay awtomatikong bubuksan ang webpage ng Senso para sa pagkumpleto ng sarbey. Isinasaalang-alang ang mga karagdagang istasyon ng laptop na may mga pribadong screen para sa mga piling lokasyon upang bawasan ang mga usapin sa pagkapribado o kung saan mayroon nang mataas na pangangailangan sa umiiral na device na naaakses ng publiko.

Bilang dagdag sa mga aklatan, ang mga sumusunod na institusyon ay isinasaalang-alang para sa mga QAC/QAK: mga simbahan, mga sentro ng libangan at komunidad, mga klinikang pangkalusugan, mga complex ng tirahang may maramihang yunit, mga paaralan, atbp. Ang layunin ay makatukoy ng mga QAC/QAK sa mga espasyo ng komunidad kung saan nagtitipon ang mga miyembro ng mga komunidad na HTC at nakakaramdam sila ng kaligtasan. Anumang matutukoy na puwang ay pupunan sa pamamagitan ng mga mobile kiosk, mga mobile WiFi spot, o mga tablet na kayang kumonekta sa data, na maaari ring dalhin sa mga kaganapan o iba pang aktibidad na outreach.

Ang mga kawani sa bawat lokasyon ng QAC/QAK ay tatanggap ng pagsasanay kung paano sasagutin ang mga tanong mula sa mga residente, paano mapapalahok ang mga residente, anong impormasyon ang maaaring ibigay, at saan pupunta para sa mga karagdagang sanggunian o suporta. Maaari ring maglunsad ang mga lokasyon ng QAC/QAK ng mga kaganapan kung saan maaaring tulungan ng mga sanay na manggagawa ng Senso ang publiko. Ang bawat pagsisikap ay gagawin upang matiyak na mayroong mga volunteer o kawani na angkop sa kultura at wika.

## 1.5 Lokasyon ng Mga Mahirap Bilangin Populasyon

Nakatuon na ang estratehikong pagpapalano ng mga lokal na gobyerno at mga stakeholder sa rehiyon ng San Diego sa pagtutukoy ng mga lokasyon ng mga komunidad na HTC. Gamit ang SwORD, namahagi ng data ang SANDAG sa bawat hurisdiksyon at sa County, na naglalarawan sa mga grupong bloke ng Senso na may indeks ng HTC na mas mataas sa 37 upang ipaalam ang kanilang mga lokal na plano. Kasama sa data ang sumusunod:

- Ang code ng Kawanihan ng Senso para sa mga grupong bloke (hal., ang pinakamaliit na heograpikal na yunit na ginagamit ng Kawanihan ng Senso ng U.S. para sa paglilimbag ng data)
- Ang paglalarawan ng code ng Kawanihan ng Senso para sa mga grupong bloke
- Ang lungsod o ang Itinalagang Lugar ng Senso (Census Designated Place o CDP) - Ang bahaging ito ay blangko kapag hindi nakatira ang grupong bloke sa isang lungsod o CDP
- Kabuuang populasyon
- Ang Indeks ng Mahirap Bilangin sa California
- Ang tatlong nangungunang dahilan kung bakit mahirap bilangin ang grupong bloke batay sa 14 na salik na kasama sa indeks ng mahirap bilangin sa California (hal., demograpiko, pabahay, at mga sosyoekonomikong salik na may kaugnayan sa pagiging mahirap bilangin ng isang lugar)
- Porsyento ng kabuuang yunit ng tirahan na bakante
- Porsyento ng kabuuang yunit ng tirahan na may 3 o higit pang yunit sa isang istrukturang may maramihang yunit


- Porsyento ng may nakatirang yunit ng pabahay na inuupahan
- Porsyento ng may nakatirang yunit ng pabahay na may mahigit 1.5 katao sa bawat silid
- Porsyento ng mga sambahayang hindi pamilya
- Porsyento ng mga nasa hustong gulang (25 o mas matanda) na hindi nakatapos ng mataas na paaralan
- Porsyento ng mga taong lumipat mula sa labas ng county sa nakalipas na taon
- Porsyento ng populasyon na mas mababa sa 5 taong gulang
- Porsyento ng mga sambahayang tumatanggap ng kita mula sa pampublikong tulong
- Porsyento ng populasyon na may kitang mas mababa sa 150 porsyento ng antas ng kahirapan
- Porsyento ng mga taong (may edad 16 o mas matanda) na walang trabaho
- Porsyento ng mga sambahayan kung saan walang taong 14 na taon o mas matanda na mahusay na nakakapagsalita ng Ingles
- Mababang Iskor ng Pagtugon (porsyento)
- Antas ng Pagbalik ng Koreo ng 2010 (porsyento)
- Porsyento ng Aprikano Amerikano
- Porsyento ng Amerikano Indiano/Katutubong Alaskan
- Porsyento ng Asyano
- Porsyento ng Hispaniko
- Porsyento ng Katutubong Hawaiian o Taga-Isla Pasipiko
- Porsyento ng Puti
- Porsyento ng iba pang lahi
- Hanggang walong Community Anchor Institution<sup>6</sup> pangalan, address, at uri ng institusyon)

Bilang dagdag, lumikha ang SANDAG ng kasangkapan sa pagmamapa ng saklaw ng publiko (SANDAG SwORD) sa pamamagitan ng pag-aangkop sa SwORD tool ng buong estado upang tumuon sa San Diego at Imperial county (Pigura 3). Nagbigay ang SANDAG ng mga sesyon ng pagsasanay sa mga hurisdiksyon, sa ACBO, at sa Koalisyon ng Count Me 2020 kung saan kabilang ang gabay sa paggamit ng kasangkapan at kung paano ilalatag ang nangingibabaw na impormasyong wala sa wikang Ingles sa datos na mahirap bilangin. Makakatulong ang SANDAG SwORD tool sa mga lokal na hurisdiksyon at mga organisasyong nakabase sa komunidad na matagumpay na maglunsad ng outreach na nakatuon sa mga lugar na HTC. Dagdag pa, nagbigay ang SANDAG ng mga hard copy na mapa mula sa SwORD at data sa mga spreadsheet para sa mga pulong pagpapalano. Ang mga serbisyo ng SANDAG na ito ay magpapatuloy habang nagpapatuloy ang pagpapalano at ipinatutupad ang mga plano.

---

<sup>6</sup> Kabilang sa mga pangunahing institusyon ng komunidad ang mga istasyon ng bumbero, mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, mga istasyon ng pulis, mga aklatan, at mga paaralan.

**Figura 3: SANDAG SwORD**



Ang layunin ay lumikha ng mga tuwangan sa mga pinuno sa mga komunidad na HTC na kayang tumayo bilang mga mapagkakatiwalaang mensahero na kapareho ng wika at kultura ng mga tagapakinig o mambabasa. Dahil dito, ang outreach at materyales ay magiging angkop ang kultura at wika para sa bawat komunidad na HTC (lampas sa simpleng pagsalalin). Ang outreach ay gagabayan, pero hindi lilimitahan, ng mga sumusunod na rekomendasyon na hinango sa Census Policy Advocacy Network (CPAN), na isang tulongang pagsisikap ng iba't ibang organisasyon sa buong estado ng California upang makatulong sa pagbubuo ng polisiya kaugnay ng Senso 2020.

### **Pagmemensahe**

- Gumamit ng mga subok nang mensahe na napatunayan nang nakakahikayat sa bawat komunidad na makilahok sa Senso 2020.
- Magpadala ng mga mensahe sa pamamagitan ng mga mapagkakatiwalaang mensahero sa mismong wika.
- Bigyang-diin ang mga proseso ng pagiging kompidensyal at pagkapribado.
- Bigyang-diin ang pagiging kanais-nais ng kusang pagtugon.
- Bigyang-diin ang kaligtasan ng pagsagot sa mga tagabilang (hal., mga tagakuha ng Senso).
- Bigyang-diin ang koneksyon sa pagitan ng paglahok sa Senso at pagpopondo (hal., espesyal na edukasyon, rehabilitasyong bokasyonal, mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan sa komunidad, pag-abot sa mga beteranong may kapansanan, at mga libreng serbisyonang legal).
- Bigyang-diin ang kahalagahan ng pagbibilang ng lahat ng miyembro ng sambahayan, anuman ang edad, kabilang ang mga sanggol.

## Mga Estratehiya ng Outreach

- Magbuo ng mga estratehiya at taktikang naaangkop batay sa iba't ibang demograpiko sa loob ng mas malalaking populasyong HTC (hal., relihiyon, pagkakakilanlan ng sekswalidad, oryentasyong sekswal, katayuan ng pabahay (umuupa, may-ari ng tahanan, walang tahanan), ipinanganak sa U.S. laban sa ipinanganak sa ibang bansa).
- Isalin ang mga materyales sa lahat ng may kaugnayang wika sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Koalisyonang Count Me 2020 at mga pagsisikap sa buong estado.
- Magbigay ng impormasyon sa mga organisasyong nakabatay sa pananampalataya o mga pinunong relihiyoso nang sa gayon ay mahikayat nila ang paglahok sa Senso, tuwing naaangkop.
- Gumamit ng estratehiyang nakabase sa populasyon sa halip na heograpiko kapag ang grupong mahirap bilangin ay isang kalat na komunidad. Lyon ay, pagtutuon sa uri ng populasyong mahirap bilangin sa halip na sa partikular na kapitbahayan.
- Makipagtulungan sa mga kinatawan at gatekeeper ng komunidad (hal., sa pamamagitan ng Koalisyonang Count Me 2020), kabilang ang mga gobyerno ng tribu, upang matiyak na naaangkop ang mga mensahe at nakakarating ang mga ito sa nilalayong mambabasa.
- Isapubliko ang mga oportunidad sa pagtatrabaho sa Senso sa mga komunidad na HTC.
- Maglunsad ng mga kaganapan na may mga kinakailangang pisikal na pasilidad, teknolohiyang pantulong, at/o pagsasalin o interpretasyon upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan.
- Lumikha ng matatag na listahan ng mga lokasyong nasa labas, nakabase sa serbisyo, at pansamantala na dapat bisitahin ng mga tagakuha ng Senso upang magkamit ng kumpletong bilang ng populasyong walang tahanan (hal., mga soup kitchen, mga lugar na hindi madalas daanan kung saan kumakanlong ang mga tao).
- Makipagtulungan sa mga mapagkakatiwalaang mensahero upang magbigay ng payo at gabay sa Kawanihan ng Senso ng U.S. tungkol sa kung paano magkakamit ng kumpletong bilang ng populasyong walang tahanan.

## Midya<sup>7</sup>

- Magsahimpapawid ng mga mensahe sa pamamagitan ng tradisyonal na midya (nakalimbag, broadcast, at radyo), gayundin sa social at digital, partikular sa mga outlet ng midya na naglalayong maglingkod sa mga partikular na grupong etniko.
- Magbuo ng social media content upang maabot ang mga mas nakababatang miyembro ng mga grupong mahirap bilangin.
- Magbuo ng estratehiya sa natamong midya upang matiyak na naihatid ang mensahe ng Senso 2020 sa pamamagitan ng mga mapagkakatiwalaang mensahero, kabilang ang mga outlet na may iba't ibang wika at midya na naglalayong maglingkod sa mga partikular na grupong etniko.
- Magbigay ng toolkit sa mga stakeholder na may mga sangguniang social media.

## Mga Sentro/Kiosk ng Tulong sa Palatanungan

- Magtukoy ng mga sentro/kiosk ng tulong sa palatanungan sa mga mapagkakatiwalaang espasyo (hal., mga aklatan, mga computer lab ng paaralan, mga klinikang pangkalusugan, mga organisasyong nakabase sa komunidad, mga organisasyon ng serbisyonang panlipunan at pantao) sa loob ng mga kapitbahayan na may mga populasyong HTC.

### 1.6 Plano sa Akses sa Wika

Sa pakikipagtulungan sa Koalisyonang Count Me 2020 na pinangungunahan ng United Way, isasalin at ipapahayag ayon sa kultura ang mga materyales at mensahe sa iniaatas na 13 wika na nakalista sa ibaba (na naaayon sa stratehikong plano ng ACBO na naunang isinumite sa Estado noong Mayo 2019). Ang listahang ito ay sinusupportahan ng datos mula sa American Community Survey (ACS) na ipinapakita sa Talahanayan 2.

- Espanyol (magbibigay ang Kawanihan ng Senso ng mga papel na sarbey at pagbibilang sa lugar)\*
- Tagalog\*
- Filipino
- Chinese\*

---

<sup>7</sup> Makakakita ng karagdagang detalye kaugnay ng estratehiya ng midya sa Apendiks B.

- Vietnamese\*
- Arabic\*
- Somali
- Korean\*
- Farsi
- Japanese\*
- Mandarin
- Russian\*
- Chaldean Neo-Aramaic

\*Ibibigay ng Kawanihan ng Senso ang kusang pagtugon sa Internet at tulong sa palatanungan.

## Talahanayan 2: Populasyon ng May Limitadong Katatasan sa Ingles sa Rehiyon ng San Diego

Wika	Populasyo
Espanyol	266,778
Tagalog/Filipino	30,036
Chinese	24,021
Vietnamese	23,321
Arabic	10,007
Somali, Amharic o iba pang wikang Afro-Asiatic	8,861
Korean	7,867
Farsi/Persian, kabilang ang Dari	6,757
Japanese	5,460
Russian	3,175

*Sanggunian: 2017 ACS 5-year file, Table B16001*

Susundan ng mga pagsisikap para matugunan ang akses sa wika ang pamumuno ng Koalisyong Count Me 2020 at aasa ito sa kanilang kadalubhasaan at mga mapagkakatiwalaang mensahero tulad ng ipinapakita ng mga sumusunod na halimbawa.

- Pakikipag-ugnayan sa Koalisyong Count Me 2020 upang makapagbigay sa mga bilingual na pangkat ng mga tagasalin at mga isinaling materyales sa mga kaganapan kung saan inaasahan ang mga populasyong may limitadong katatasan sa wikang Ingles.
- Paglulunsad ng mga kaganapan sa pangunahing wika, pagtatanggal ng sabayang pagsasalin, na nagpapababa ng mga gastusin.
- Pagpapahusay ng pinakamaraming kaganapan at aktibidad ng mga hurisdiksyon na may mga tagapagsalita ng pangunahing wika para sa komunidad kung saan ilulunsad ang kaganapan/aktibidad.
- Pakikipagtulungan sa Koalisyong Count Me 2020 upang magpalaganap ng impormasyon sa pamamagitan ng mga mapagkakatiwalaang mensahero na mayroong parehong wika at kultura ng tagapakinig.
- Paglalagay ng mga tauhan sa mga QAC/QAK sa pakikipagtulungan sa Koalisyong Count Me 2020 upang matiyak ang naaangkop na suporta sa wika.
- Paggamit sa mga materyales ng nakasulat na wika, mga biswal na materyales, at mga automated na anunsyo na nilikha ng Koalisyong Count Me 2020.

Tulad ng nakatala sa estratehikong plano ng ACBO, susundin ang mga patnubay at hinihingi ng Tanggapan ng Kumpletong Pagbibilang sa Senso ng California para sa serbisyong pagsasalin at interpretasyon (hal., tulad ng nakabalangkas sa Plano sa Akses sa Wika at Komunikasyon), kabilang ang mga pasilidad para sa mga taong may kapansanan. Mamaksimisahin ng SANDAG ang mga dating pagsisikap sa pagsasalin ng estado at Koalisyong Count Me 2020 kung saan posible upang maiwasan ang pagdodoble ng pagsisikap.

### 1.7 Lokal na Komite sa Kumpletong Pagbibilang (Complete Count Committee o CCC)

Ang istruktura at organisasyon ng Gumaganang Komite ng Mga Stakeholder ng CCC ay nauna nang inilarawan sa seksyon 1.3 ng Koordinasyon ng Pagtutulongan.

## 1.8 Pagpapaunlad ng Puwersa ng Paggawa

Patatakbuhan ang tatlong tanggapan ng Senso ng U.S. sa San Diego County na may kapasidad na hanggang 3,000 pansamantalang manggagawa. Kasama sa plano ng outreach ang tulong sa Kawanihan ng Senso ng U.S. sa pagkuha ng mga lokal na tagabilang ng Senso (hal., mga tagakuha ng Senso) at iba pang kawani upang makatulong sa proseso ng pagtatatag ng mga mapagkakatiwalaang mensahero para sa pagbibilang. Sa partikular, ang mga pampublikong ahensya, sa pakikipagtulungan sa Koalisyonang Count Me 2020, ay magbabahagi ng mga anunsyo sa trabaho sa pamamagitan ng social media, makikipag-usap sa mga residente, makikipagkomunika sa mga kagawarang tumutulong sa trabaho, magpo-post sa website ng Count Me 2020, at tatapusin ang mga kahilingan ng Tagapamahala ng Panrehiyong Programa.

## 1.9 Badyet

Binubuod ng Talahanayan 3 ang plano ng mga gastusins at ang mga sumusunod na paglalarawan ay nagbibigay ng higit pang detalye para sa bawat linyang item.

- **Mga Gastos sa Pangangasiwa:** Oras ng kawani ng SANDAG na kinakailangan para sa pangangasiwa, koordinasyon, at mga gawain ng piskal na ahente.
- **Midya:** Susuportahan ng mga pondong ito ang pagbili at pakikipagkontrata sa midya sa mga marketing firm (upang palakasin ang outreach at kampanya sa pakikipag-ugnayan sa publiko sa buong estado).
- **Outreach:** Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng mga kwalipikadong gastusin.
  - Mga pagsisikap ng mga organisasyong nakabase sa komunidad tulad ng hiniling ng mga lokal na hurisdiksyon.
  - Mga promosyonal na materyales kabilang ang mga insentibo upang pataasin ang pagdalo sa kaganapan at paalalahanan ang mga tao tungkol sa Senso.
  - Mga item upang lumikha ng masaya at nakakaanyayang kapaligiran (hal., mga aktibidad para sa mga bata).
  - Mga kagamitan para sa mga Kiosk, na uupahan at i-uugnay sa lahat ng ahensya upang maksimisahin ang mga kahusayan at paliitin ang mga gastos.
  - Mga kaganapan sa Pag-follow-up sa Kawalan ng Tugon at outreach sa mga lugar na may mabababang antas ng pagtugon matapos ang Abril 1, 2020.



### Talahanayan 3: Badyet

Kategorya	Hala
<b>Mga Gastos sa</b>	<b>\$156,535.00</b>
<b>Midya</b>	<b>\$156,535.00</b>
<b>Outreach</b>	
Carlsbad	\$10,257.07
Chula Vista	\$89,162.11
Coronado	\$6,904.44
Del Mar	\$1,000.00
El Cajon	\$60,210.97
Encinitas	\$7,281.20
Escondido	\$73,397.78
Imperial Beach	\$20,882.07
La Mesa	\$31,854.41
Lemon Grove	\$3,877.55
National City	\$46,400.13
Oceanside	\$33,802.01
Poway	\$7,583.40
San Diego	\$647,137.16
San Marcos	\$29,221.95
Santee	\$1,000.00
Solana Beach	\$5,914.44
Vista	\$30,956.64
County-Unincorporated	\$145,436.66
<b>Subtotal-Outreach</b>	<b>\$1,252,280.00</b>
<b>Kabuuan</b>	<b>\$1,565,350.00</b>

*Paalala: Ang alokasyon sa iba't ibang kategorya ay isang tantiya at maaaring magbago habang nagbabago ang outreach at lumilitaw ang mga pangangailangan. Halimbawa, maaaring piliin ng mga hurisdiksyon na hindi maisama sa pagpopondo o humiling ng mas maliit na halaga.*

Kapag mayroon nang mga ipinatutupad na kontrata, magbibigay ng taong kokontakin upang mapasimulan ang koordinasyon. Dagdag dito, hihilingin sa mga lokal na kompanya na isponsoran ang pagsisikap na palakihin ang badyet para sa mga promosyonal na materyales.

Ang pamamaraan ng paglalaan ng pondo sa mga lokal na hurisdiksyon ay nakabatay sa populasyong mahirap bilangin gaya ng sumusunod.

- Gamit ang average sa buong estado na indeks ng HTC na 37, ang populasyon ng bawat sukat ng senso na may HTC na mas mataas sa 37 ay pinagsasama para sa bawat hurisdiksyon.
- Ang porsyentong HTC ay nakabatay sa numerong ito, na hinati sa kabuuang populasyon ng rehiyon.
- Para sa alinmang hurisdiksyon na walang anumang sukat ng senso na tumutugon sa threshold, \$1,000 ang itinatakhang minimum na alokasyon. Para sa matitira, ang porsyento ay ipinatutupad sa kabuuang pondong magagamit (Talahanayan 3).

Ang alokasyon sa iba't ibang kategorya ay isang tantiya at maaaring magbago habang nagbabago ang outreach at lumilitaw ang mga pangangailangan. Halimbawa, maaaring piliin ng mga hurisdiksyon na hindi maisama sa pagpopondo o humiling ng mas maliit na halaga. Ang mga pagbabayad ay ibabatay sa mga magagawa sa halip na mga pagbabalik ng nagastos tulad ng ipinapakita sa Talahanayan 4.

**Talahanayan 4: Iskedyul ng Mga Deliverable**

<b>Milestone</b>	<b>Halaga ng</b>	<b>Timeline</b>
<b>1. Plano sa Pagpapatupad</b>	50% ng Kabuuang Halaga ng	Sa Sandaling
<b>2. Unang Ulat sa Progreso</b>	20% ng Kabuuang Halaga ng	Sa Sandaling
<b>3. Ikalawang Ulat sa Progreso</b>	20% ng Kabuuang Halaga ng	Disyembre 31, 2019
<b>4. Ikatlong Ulat sa Progreso</b>	5% ng Kabuuang Halaga ng	Marso 31, 2020
<b>5. Huling Ulat</b>	5% ng Kabuuang Halaga ng	Setyembre 1, 2020

### 1.10 Timeline

	2019							2020								
Aktibidad	Hun	Hul	Ago	Set	Okt	Nob	Dis	Ene	Peb	Mar	Abr	May	Hun	Hul	Ago	Set
Mga Pulong ng RPM																
Buuin ang CCC																
Mga Pulong ng CCC																
Isumite ang Estrategikong Plano																
Mga pulong ng subkomite																
Mga kontrata para sa outreach																
Magtukoy ng mga lokasyon ng QAC/QAK																
Nakasulat na Ulat kada Tatlong Buwan																
Plano sa Pagpapatupad																
Outreach: Yugto ng Edukasyon																
Outreach: Yugto ng Paghikayat																
Mga Kaganapan ng Be Counted sa California																
<b>Abril 1, 2020: Pambansang Araw ng Pagkilos</b>																
Outreach: Yugto ng Pag-activate																
Plano sa Pag-follow-up sa Kawalan ng Tugon																
Outreach: Pag-follow-up sa Kawalan ng Tugon																
Huling Ulat																
Pagsasara/Salamat																

### 1.11 Pagsusukat ng Mga Resulta

Kokolektahin ang impormasyon kaugnay ng mga aktibidad ng outreach sa buong pagsisikap sa Kumpletong Pagbibilang ng Senso 2020. Magtutukoy ng mga partikular na sukatan upang tukuyin ang tagumpay ng pagsisikap sa pagpapatalastas at ang mga lokal na pagsisikap sa outreach ay higit pang tutukuyin sa Plano sa Pagpapatupad, at ipapakita sa mga kontrata sa mga hurisdiksyon.

Habang pinaplano at pinatutupad ang mga aktibidad, i-ulat ang mga ito ng mga hurisdiksyon at itatala sa SwORD, kabilang ang lahat ng elementong datos na tinukoy sa online na kasangkapan tulad ng sumusunod.

- **Mga Detalye ng Taga-ulat:** Pangalan ng taga-ulat, pangalan ng organisasyon, punong organisasyon
- **Mga Detalye ng Aktibidad:** Uri ng aktibidad, petsa ng pagsisimula at pagtatapos at oras, lokasyon, paglalarawan, bilang ng kawani/volunteer
- **Pagtutulungan:** Pangunahing organisador, mga karagdagang organisador
- **Mga pagtugon** (hal., bilang na tiningnan at pinakinggan ang mensahe):
  - Bahagi ng Mga Pagtugon na partikular sa mga tagapakinig o mambabasang HTC
  - Bahagi ng Mga Pagtugon sa bawat wika
- **Puna at Dokumentasyon:** Aktibidad sa website, Facebook link, YouTube/Video link, pagtatasa sa lugar na pinagganapan, rating ng paglahok ng lumahok, rating ng kalidad ng interaksyon, pangkalahatang pagiging epektibo, anong naging mahusay, ano ang maaaring pahasayin pa, mga tanong/alalahanin ng tagapakinig o mambabasa
- **Mga Pagmumulan ng Pagpopondo at Mga Oras ng Volunteer**

Upang masukat ang pagiging epektibo, susubaybayan ng mga kawani ng SANDAG at ng Gumaganang Komite ng Mga Stakeholder ng CCC 2020 at ng mga may kaugnayan nitong subkomite ang lahat ng may kaugnayang aktibidad kumpara sa mga pangakong ginawa sa estratehikong plano na ito, plano sa pagpapatupad, at mga indibidwal na plano ng outreach na binuo ng iba't ibang kalahok na ahensya.



**Apendiks A:**  
**Mga Katuwang sa Koalisyong Count Me 2020 pagsapit ng Hulyo 16, 2019**

- ACCE Institute
- 211 San Diego
  
- ACLU ng San Diego at mga Imperial County
- African Coalition Workforce
- Alianza Comunitaria
- Alliance for African Assistance
- Alliance for Community Engagement
- Alliance San Diego
- American Friends Service Committee
- Asian Pacific Islander Initiative
- Asian Solidarity Collective
- Bayside Community Center
- Black American Political Association of California
- Brawley Get Together Senior Citizen Club
- Brown Bag Coalition
- Building Skills Partnership
- CA State Assembly
- CA State Assembly 76th District, Tasha Boerner Horvath
- CA State Assembly 79th District, Shirley Weber
- CA State Assembly 80th District, Lorena Gonzalez
- Senado ng Estado ng CA
- CA State Senate 39th District, Toni Atkins
- Cal Organize
- Calexico Neighborhood House
- California Rural Legal Assistance, Inc. (CRLA)
- California School-Age Consortium (CalSAC)
- California State University San Marcos
- Campesinos Unidos
- Casa Familiar
- Center for Community Integration San Diego
- Center for Social Advocacy (CSA)
- Center for Social Advocates San Diego
- Center on Policy Initiatives
- Central Labor Council (AFL-CIO)
- Central San Diego Black Chamber of Commerce
- Chula Vista Community Collaborative
- City Heights Community Development Corporation
- Lungsod ng Carlsbad
- Lungsod ng Chula Vista
- Lungsod ng Escondido
  
- Lungsod ng Oceanside
- Lungsod ng San Diego
  
- Lungsod ng San Marcos
- Lungsod ng Vista
- Comité Cívico del Valle
- Community Housing Works
- Council of Philippine American Organizations (COPAO)
- County ng Imperial
- County ng San Diego – HHSA
- Digital Impact And Inc.
- Disability Rights San Diego
- Employee Rights Center
- Engage San Diego
- Environmental Health Coalition
- Farmworker CARE Coalition
- Feeding San Diego
- Fern Street Community Arts
- Filipino Press
- Friends of El Centro Community Services Foundation
- Gov House
- Hanana Community Center
- Health Education Advocacy Leadership, Inc.
- Home Start
- Home Start, Inc.
- Horn of Africa
- House of China
- Huda Community Center
- Imperial Valley Food Bank
- Imperial Valley LGBT Resource Center
- Include People
- Interfaith Community Services
- International Rescue Committee
- Islamic Center of SD
- IWJSD
- J. Walcher
- JOB
- Justice Overcoming Boundaries
- Karama
- Karen Organization of San Diego
- Kitchens for Good

- Korean American Coalition - San Diego
- La Maestra Community Health Centers
- Lao Community Cultural Center
- Latinos y Latinas en Accion
- League of Women Voters of North County
- League of Women Voters, San Diego
- License to Freedom
- Logan Heights Community Development Corporation
- MAAC
- Mabuhay Foundation
- Majdal Community Center
- Mano a Mano Foundation
- Mas Pace
- Mga organisasyong MEChA
- Mid-City CAN
- Migrant Education Region IX
- MiraCosta College
- Muslim American Society-San Diego
- NALEO Educational Fund
- National Latino Research Center, CSUSM
- Naval Support Services
- Neighborhood House Association
- New Neighbor Relief
- Nile Sisters Development Initiative
- North County Health Services
- North County Lifeline
- Nunez Law Corporation
- Open Heart Leaders
- Operation Samahan
- Our Roots
- Palomar College
- Partnership for the Advancement of New Americans (PANA)
- Paving Great Futures
- Pillars of the Community
- Planned Parenthood of the Pacific Southwest
- Poder Popular para la Salud del Pueblo
- Rincon Band of Luiseño Indians
- RISE San Diego
- San Diego Alliance for Asian Pacific Islander
- San Diego Association of Governments
- San Diego Council on Literacy
- San Diego County Library Branches in North County
- San Diego Grantmakers
- San Diego Hunger Coalition
- San Diego Organizing Project (SDOP)
- San Diego Urban Warriors Inc.
- San Diego Youth Services
- San Pascual Band of Mission Indians
- SEIU 221
- Social Advocates for Youth (SAY) San Diego
- Somali Bantu Association of America
- Somali Bantu Association of America (SBAOA)
- Somali Bantu Community of San Diego
- Somali Family Service of San Diego
- Somali Family Services
- South Sudanese Community Center
- Spread The Love Charity IV
- St. Vincent de Paul Village, Inc. (dba Father Joe's Villages)
- Survivors of Torture, International
- Swift Solutions Consulting
- The California Endowment
- The Chicano Federation of San Diego County
- The Filipino School
- The Global Action Research Center
- The San Diego Foundation
- The San Diego LGBT Community Center
- The San Diego LGBT Community Center (The Center)
- Think Dignity
- U.S. Census Bureau
- U.S. Senator Kamala Harris
- Union of Pan Asian Communities (UPAC)
- United Missionary Churches/Connecting Hope
- United Taxi Workers of San Diego (UTWSD)
- United Way of Imperial County
- United Way of San Diego
- United Women of East Africa
- United Women of East Africa Support Team
- Universidad Popular
- University of California, San Diego
- Urban League of San Diego County
- UURISE
- Viet Vot
- Vision Y Compromiso
- Vista Community Clinic
- Vista Neighbors in Action
- Woman Haven
- Women Give
- YMCA of San Diego County, Childcare Resource Service
- Youth Will

## **Apendiks B: Estratehiya sa Midya**

Magbubuo ng subkomite ng midya, na pangungunahan ng Koalisyonang Count Me 2020 at SANDAG, upang ikoordina ang pag-unlad ng isang masiglang kampanya ng natamo at bayad na midya. Bibigyang-diin ng pagmemensahe ang kahalagahan ng Senso at pagiging kompidensyal upang tiyakin sa mga tao na ligtas na lumahok. Makakatulong ang hindi pagbabago ng mensahe at tatak sa pagpapahusay ng mga antas ng pag-alala, paghikayat ng paglahok, at mamaksimisahin nito ang kahalagahan ng pamumuhunan sa patalastas. Upang masukat ang epekto ng mga estratehiya sa midya, magtatatag ng mga partikular na layunin/target (hal., bilang ng pagtugon, mga antas ng pag-click sa digital na pagpapatalastas, at website analytics tulad ng mga pagtingin sa pahina).

Kasama sa badyet ang pondo para sa pakikipagkontrata ng SANDAG sa isang marketing firm kasabay ng Koalisyonang Count Me 2020 upang paunlarin ang branding, pagmemensahe, at kampanyang outreach, kabilang ang pagsubok sa mensahe para sa mga populasyong HTC (upang palakasin ang kampanyang outreach at pakikipag-ugnayan sa publiko sa buong estado).

Hihilingin sa mga opisyal ng pampublikong impormasyon at pampublikong kaganapan mula sa bawat hurisdiksyon na lumahok sa subkomite ng midya upang pasimulan ang pagpapalakas ng mga mensahe sa pamamagitan ng mga tsanel ng lokal na gobyerno. Halimbawa, ang mga mensahe mula sa Kawanihan ng Senso ng U.S., ang Tanggapan ng Kumpletong Pagbibilang Sa California, at ang Koalisyonang Count Me 2020 ay isasahimpapawid sa pamamagitan ng mga tsanel ng komunikasyon ng lungsod (hal., mga newsletter, kaganapan, pahina ng website, karatula, social media, maramihang pagpapadala ng email, atbp.)

Bilang dagdag, magsasama ng mga kinatawan mula sa Metropolitan Transit System (MTS) at North County Transit District (NCTD), sa dalawang lokal na ahensya ng transit, sa Gumaganang Komite ng Mga Stakeholder ng CCC upang ikoordina ang publisidad sa mga pampublikong sasakyang at sa pamamagitan ng mga newsletter at social media nila.

Sinasaliksik na ang pagmemensahe sa mga tao gamit ang mga streaming service. Maaaring lapitan ang mga kompanya ng telekomunikasyon para sa mga anunsyo ng serbisyo publiko, gayundin ang mga mobile application at outlet ng radyo. Dahil magsisimula ang Major League Baseball season kasabay ng Senso, maaaring lapitan din ang San Diego Padres para sa mga anunsyo ng serbisyo publiko (hal., lumikha ng video ng mascot ng Padres na nagkukumpleto ng sarbey ng Senso).

Maaaring mangolekta ng mga kwento mula sa mga lokal na residente para sa mga media spot. Halimbawa, ang isang kabataang lalaki ay kinapanayam

noong Abril 1, 2019 bilang bahagi ng Panawagan sa Pagkilos ng Senso 2020, at ibinahagi niya na hindi lumahok ang kanyang mga magulang noong 2010, at ipinahayag niya ang kanyang pangakong mag-abot upang mabilang ang kanyang komunidad.

Mamaksimisahin at makikipagkoordinang ang panrehiyong pagsisikap sa kampanyang midya sa buong estado at maaaring kabilangan ng sumusunod.

- Mga anunsyo ng serbisyo publiko, pagma-market sa paliparan, at komunikasyon sa highway.
- Mga pagbili sa midya (Marso hanggang Hunyo 2020):
  - Panlabas: Mga topper ng bomba ng gas, mga placard sa bus, mga balot ng bus, mga silungan ng bus/patalastas sa upuan, mga billboard, atbp. sa mga komunidad na HTC
  - Nakalimbag: Mga lokal na outlet ng etnikong midya na nag-iispesyalisa sa mga populasyong HTC
  - Digital: Nakatarget sa lugar, social media, pre-roll na video
  - Radyo: Mga anunsyo at segment sa mga oras na pinakamarami ang nakikinig
- Mga mensahe tungkol sa Senso 2020 na ipinapakita kasabay ng iba pang patalastas bago ang mga pelikula (sa mga sinehan sa loob ng mga lugar na mahirap bilangin, sa iba't ibang wika).
- Lumikha ng mga edukasyonal/nakakahikayat na video ng Senso (gamit ang mga video ng Kawanihan ng Senso ng U.S., materyal mula sa Tanggapan ng Senso ng California, at mga lokal na nilikhang spot) na ipinapakita sa mga social media, digital na pagpapatalastas, telebisyonang naaakses ng publiko, at sa mga lugar-hintayan sa mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, sentro ng trabaho, at iba pang lugar kung saan naghihintay ang mga tao.
- Mga ipinamimigay sa mga kaganapan sa mga kapitbahayang HTC. Magsasagawa ng maingat na pagsasaalang-alang sa pagpili ng mga partikular na giveaway upang tiyaking naaayon ang mga ito sa nilalayan tatanggap.

- Mga promosyon na materyales: Mga karatula/poster at pulyeto sa iba't ibang wika<sup>8</sup>. *Kabilang sa badyet na ito ang mga pondo para sakupin ang gastos sa paglikha ng mga promosyon na materyales.*
- Pagmemensahe upang maabot ang mga gumagamit ng pampublikong transportasyon (hal., mga serbisyong Flex, ADA paratransit, atbp.).
- Natamong midya:
  - Ilimbitahan ang mga pinuno ng komunidad upang magsilbi bilang mga tagapagsalita sa talk show sa radyo/TV para talakayin ang mga paksa tulad ng pagiging kompidensyal at ang mga benepisyo ng Senso sa mga indibidwal at sa kanilang mga komunidad.
  - Pagpapakita ng mga personalidad ng lokal na isports at libangan sa mga istasyon ng radyo/TV at social media na naghihikayat ng agarang tugon.
  - Mga press release at kaganapang midya para magbahagi ng impormasyon tungkol sa mga mayor na milestone at aktibidad ng Senso 2020.

Tutugunan ng lahat ng mensahe ang mga sumusunod na kinakailangan:

- Kagyat na may kaugnayan
- Hindi pabagu-bago
- Simpleng linggwahe
- Gumagamit ng mga larawan upang maghatid ng impormasyon sa tuwing posible
- Malinaw na mensahe (hal., malinaw na panawagan at mga indibidwal na susunod na hakbang)
- Mayroong personal na dating
- Maayos ang pagsasalin, may kaugnayan sa kultura, at tumutugon sa mga pangangailangan ng mga may kapansanan
- Nauunawaan at naaangkop para sa mga indibidwal na may kapansanan
- Nakasaad ang mandatoryong pagtugon

---

<sup>8</sup>Maingat na susuriin ang mga pagsasalin sa mga organisasyong naglilingkod sa mga partikular na komunidad upang matiyak na may kaugnayan ang mga ito sa larangan ng kultura.